# REDUCE THE RISK

Gun Violence Protection Orders | Save Lives

## Proteksyon sa Karahasan sa Paggamit ng Baril

E-Tool-Kit ng Komunidad




**Ang karahasan sa paggamit ng baril ay isang seryosong problema sa maraming komunidad ng California. Nakaparaming taong ang nasasaktan o namamatay sa pamamagitan ng mga baril at kahit na ang mawala ang isang buhay ay napakarami. Iyan ang dahilan kaya nilikha ng estado ang siyam na uri ng mga pamprotektang utos. Pansamantalang inaagaw ng mga utos na ito ang mga baril mula sa isa na nasa krisis bago pa may masamang mangyari.**

Nabibigyan ang mga miyembro ng pamilya, pulis, mga empleyado, kawani ng pamilya, mga hukom at iba pa ng kapangyarihan na kumilos kapag may mga babalang sinyales. Makakatulong ang mga tool na ito na mahinto ang mga pagpapakamatay, lansakang pamamaril, karahasan sa tahanan at iba pang mga panganib.

Kung may kakilala kang nag-iisip na saktan ang kanilang mga sarili o ang iba, makakatulong ang mga ligal na hakbang na ito na maprotektahan sila. May makukuhang tulong. Ang pagkilos ay makapagliligtas ng buhay.



## Tumulong na Maipalaganap ang Salita

**Gusto ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) (Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emergency ng Gobernador ng California) na magpalaganap ng kamalayan at ituro sa publiko ang tungkol sa siyam na proteksyong utos ng California na nakakatulong sa mga komunidad at indibidwal na maging ligtas sa pamamagitan ng pansamantalang pagkuha ng mga armas mula sa isa na nasa krisis at nagbibigay ng karagdagang proteksyon.**

Bagaman ang mga proteksyong utos na ito ay nakapagliligtas-buhay na mga tool, madalang naman itong gamitin sa maraming lugar. Ipinakikita ng kamakailang mga pag-aaral na karamihan sa publiko ay walang alam na mayroong ganito at ang mahalagang tungkulin ng mga pamprotektang utos na maingatang ligtas ang mga komunidad. Iyan ang dahilan kaya inilunsad ng Cal OES ang kampanyang Reduce the Risk para marami ang makaalam at maturuan ang publiko ng tungkol sa kung paano mababawasan ang panganib ng karahasan sa paggamit ng baril sa kanilang mga komunidad.


### Tunguhin ng kampanya na:

- Turuan ang mga taga-California na pansamantalang kukunin ng mga pamprotektang utos ang mga baril mula sa isa na nasa krisis at mabibigyan sila ng panahon na makakuha ng tulong.
- Gabayan ang mga tao tungo sa mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng pamprotektang utos tungkol sa website ng Reduce the Risk.
- Nakakatulong na mapanatiling ligtas ang mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga taga-California ng impormasyong kailangan nila upang matigil ang karahasan sa paggamit ng baril kung saan sila nakatira.

RTR-FS-VI-0725

## Kailangan Namin ng Tulong Mo

**Nakikipagtulungan ang Cal OES sa mga lider ng komunidad upang tulungang maipamahagi ang impormasyon at makuha ng mga tao ang mapagkukunan na nangangailangan nito. Makikita sa ibaba ang mga tool na magagamit sa social media, sa mga newsletter o kapag nakikipag-usap sa mga kaibigan, kapamilya at mga kapit-bahay. Narito ang ilang madaling paraan upang maipalaganap ang mensahe:**



### Mga Hashtag

Kapag ibinabahagi ang content na ito sa social media, idagdag ang ilang hashtag sa post na makikita sa ibaba. Ang mga hashtag ay nakakatulong na malayo ang maabot ng post, mapapalakas ang content at matutulungan na masubaybayan ang kanilang maaabot.

#ReduceTheRiskCA
#ProtectionOrders
#GVRO
#DVRO
#SVRO
#EndGunViolence
#StopGunViolence
#PreventGunViolence

### Pagta-tag

Kapag binabanggit si Governor Gavin Newsom o ang California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES), i-tag ang angkop na social media channel na nagha-handle sa iyong post (ang pampublikong username na may @ symbol sa unahan nito).



| | Gobernador Gavin Newsom | Opisina ng mga Serbisyong Pang-emergency ng Governador ng California |
|---|---|---|
| **Facebook:** | @CAGovernor | @CaliforniaOES |
| **Instagram:** | @CAGovernor | @Cal_OES |
| **X:** | @CAGovernor | @Cal_OES |

# Social Media Posts

**Gamitin ang alinman sa mga iminungkahing opsyong kopya ng social media para sa iyong mga post. Huwag mag-atubiling baguhin ang mga ito kung kinakailangan o magsulat ng sarili mong content.**




## Facebook/Instagram 1

Nakatuon ang California sa pagpapababa ng panganib ng karahasan sa paggamit ng baril. Mula sa lansakang pamamaril hanggang sa intensyong pagpatay gamit ang baril, kayang pigilan ang mga trahedyang ito. Ang totoo, 4 sa 5 insidente ng lansakang pamamaril, kinakitaan ng mga babalang sinyales ang mga gumawa nito.

Tuklasin kung paano malalaman ang mga palatandaan at alamin ang  nakapagliligtas ng buhay na mga tool na para maging ligtas ang mga komunidad. Alamin pa: ReduceTheRisk.CA.gov

## Facebook/Instagram 2

Alam mo ba ang tungkol sa siyam na pamprotektang utos ng California? Pansamantalang kinukuha ng nakapagliligtas-buhay na mga tool na ito ang mga baril mula sa isa na nasa krisis na nanganganib na saktan ang kanilang mga sarili o ang iba.

Nakapagliligtas ng buhay ang mga pamprotektang utos sa pamamagitan ng pagpigil ng mga trahedya nang walang pagpaparusa. Alamin kung paano gumagana ang mga pamprotektang utos: ReduceTheRisk.CA.gov

#PreventGunViolence #StopGunViolence #EndGunViolence #ReduceTheRiskCA #ProtectionOrders

## Facebook/Instagram 3

Alam mo ba na ang mga pagpapakamatay gamit ang baril ay bumubuo sa mahigit kalahati ng pagkamatay dahil sa baril sa California?

Ang pagbibigay ng panahon na makapagpagaling ay napakahalaga upang wakasan ang napakasamang epidemyang ito. Ang mga Pamigil na Utos sa Karahasan sa Paggamit ng Baril ay napakabisang tool na pansamantalang nag-aalis ng mga baril mula sa mga nakakaranas ng krisis, nagbibigay ng panahon na huminto pansamantala at matulungan.

Alamin kung paano natin mapoprotektahan ang mga mahal natin sa buhay at lumikha ng mas ligtas na California.

#PreventGunViolence #StopGunViolence #EndGunViolence #ReduceTheRiskCA #ProtectionOrders

## X Post 1

Mapapababa natin ang panganib ng karahasan sa paggamit ng baril. Kayang pigilan ang mga lansakang pamamaril at pagpapakamatay gamit ang baril.

Alamin kung paano pinananatiling ligtas ng California ang mga pamilya: ReduceTheRisk.CA.gov

#StopGunViolence #ReduceTheRiskCA #ProtectionOrders

## X Post 2

Mga Pamprotektang Utos ng California = Mga Tool na Nakapagliligtas ng Buhay.

Pansamantalang kinukuha ang mga baril mula sa mga nakakaranas ng krisis

Pigilan ang pananakit sa sarili at sa iba

Tulungan ang mga indibidwal na huminto pansamantala at matulungan

Alamin pa: ReduceTheRisk.CA.gov

#ProtectionOrders #ReduceTheRiskCA #StopGunViolence

## X Post 3

Alam mo ba?

Ang mga pinakamalapit sa isa na nasa krisis ay madalas unang nakakapansin ng mga babalang sinyales. Dahil sa mga Pamprotektang Utos, napipigilan ng mga mahal sa buhay, katrabaho, at tagapagturo ang trahedya.

Alamin mula sa @Cal_OES kung paano mapapababa ang panganib: ReduceTheRisk.CA.gov

#ProtectionOrders